

SAINT THOMAS AQUINAS, PRIEST AND DOCTOR

Patron Saint of all Universities and of Students

The silhouette of St. Thomas Aquinas stands like a giant on the highest summit of human thought, casting such a wide and deep shadow over the surrounding landscape that all subsequent thinkers labor in the shade on the slopes below him. It is fair to say that Thomism, the thinking method and intellectual conclusions of St. Thomas, has been the Catholic Church's standard theology since he lived in the thirteenth century.

St. Thomas understood that all thinking about God is done from inside original sin and within the parameters of human intellectual capacity. The uncreated, timeless, mysterious God, then, is by definition incomprehensible to creatures trapped in time, space, matter, sin, distraction, and confusion. God is outside of the universe, rather than being just one important ingredient in the recipe of reality. This essential "otherness" of God means that His presence is not completely accessible to the senses. It is not just a question of seeing

farther, understanding more deeply, hearing more acutely, or feeling more intensely. Twenty senses instead of five would still not be enough to capture God because He transcends all other forms of being known to us. In the 1950's, a Russian cosmonaut looked out over space from his orbit miles above the earth and declared "I have found no God." He was looking for something that wasn't there and answering a question that was poorly posed.

Sometimes God is described as the highest being in an immense hierarchy of beings. From this perspective, the tiniest specks of organic or inorganic life, up and onward through plant and animal life, mankind, the planets and the solar system itself, are all beneath, and owe their creation to, the super being of God Himself. In this "ladder of existence" understanding, every being is a rung leading to higher and higher rungs at the top of which stands God.

St. Thomas clarified that this approach was inaccurate. God is not the highest of all beings but being itself. Every person at one time did not exist. Creation itself, including mankind, is created, meaning at some point it was not. But God cannot not be. For St. Thomas, God's essential action is to exist. It is intrinsic to His nature as God. God, then, is not something in the air, but the air itself. He is not the biggest whale in the ocean. He is the water. This means that there is no strict need to provide scientific evidence for God because even asking the question presumes the reality all around us. In other words, science can explain the chemical composition of ink, but science has nothing to say about the meaning of words printed with ink on a page. This does not mean science is undeveloped, but just that it has limits.

Thomism's understanding of God as non contingent being itself which makes all dependent existence possible is intellectually sophisticated and also deeply attractive. This understanding of God meshes nicely with an appreciation for the natural beauty of the earth, love of art, and charity for our fellow man, while also allowing space for God to reveal Himself more fully, and gratuitously, in the person of His Son Jesus Christ.

St. Thomas's encyclopedic knowledge and massive erudition existed harmoniously with a humble nature and a simple, traditional Catholic piety. He was a well-balanced man and a dedicated Dominican priest. This synthesis of childlike wonder and deep inquiry marked his life. After having a mystical vision of Jesus Christ on the cross while praying after Mass one day, he abandoned any further writing. He died on his way to the Second Council of Lyon in 1274, not yet 50 years old. He is buried in Toulouse, France, retaining his status as the Church's most eminent theologian.

St. Thomas, your life of the mind co-existed with a deep piety. Your writings defend the faith of those who have neither the time nor the gift for higher study. Help all those who teach in the Church to follow your example of humble and faithful inquiry into the highest truths.

MYCATHOLIC.LIFE

Ika-28 ng Enero, Biyernes III

PAGGUNITA KAY SANTO TOMAS DE AQUINO,
PARI AT PANTAS NG SIMBAHAN

Panalangin Sa Umaga

PASIMULA

Panginoon, buksan mo ang ating mga labi.
At pupurihin ka ng aking bibig.

PAANYAYA SA PANALANGIN ANTIPONA

Halina, ang Panginoon ay pasalamatan dahil ang kanyang dakilang pag-ibig ay walang hanggan.

Salmo 95

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak. *(Antipona)*

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang. *(Antipona)*

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan. *(Antipona)*

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
"Iyang inyong puso'y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila' ng nakinabang. *(Antipona)*

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, "Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!"
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan." *(Antipona)*

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen. *(Antipona)*

AWIT

D'yos Anak-naging tao, pinasa'y aming pasan,
Bigat ng kasalanan, hanggang krus nabayubay,
Heto kaming 'yong lingkod, sa iyo'y naglalaan,
Di lamang ng salita, pati puso ay alay.

Paningi'y liwanagan, tanglawan ng 'yong ilaw,
Kahit lalim o taas, aming maunawaan,
Awa mo'y ipadama, dinggin ang aming dasal,
Hirap ay pagaanin, bigyang-tatag ang buhay.

Kami ay tinawag mo, upang ikaw'y paglingkuran,
Sa bata't matatanda, makita'y 'yong larawan,
Ihatid sa kanila'y pag-asa't kalusugan,
Uunlad kaming lahat, payapang mabubuhay.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: Tanging ikaw lamang, Panginoon, ang binigyang-lungkot ng aking kasalanan; mahabag ka sa akin.

Salmo 51

(O Diyos, maawa ka sa akin)

Ako'y kaawaan, O mahal kong Diyos,
Sang-ayon sa iyong kagandahang-loob;
Mga kasalanan ko'y iyong pawiin,
Ayon din sa iyong pag-ibig sa akin!
Linisin mo sana ang aking karumhan
At ipatawad mo yaring kasalanan!

Ang pagsalansang ko ay kinikilala,
Laging nasa isip ko at alaala.
Sa iyo lang ako nagkasalang tunay,
At ang nagawa ko'y di mo nagustuhan.

Kaya may matuwid ka na ako'y hatulan,
Marapat na ako'y iyong parusahan.
Ako'y masama na buhat nang iluwal,
Makasalanan na nang ako'y isilang.

Nais mo sa aki'y isang pusong tapat;
Puspusin mo ako ng dunong mong wagas.
Ako ay linisin, sala ko'y hugasan
At ako'y puputi nang walang kapantay.

Sa galak at tuwa ako'y puspusin;
At muling babalik ang galak sa akin.
Ang kasalanan ko'y iyo nang limutin,
Lahat kong nagawang masama'y pawiin.

Isang pusong tapat sa aki'y likhain,
Bigyan mo, O Diyos, ng bagong damdamin.
Sa iyong harapa'y h'wag akong alisin;
Ang Espiritu mo ang papaghariin.

Ang galak na dulot ng 'yong pagliligtas,
Ibalik at ako ay gawin mong tapat.
Kung magkagayon na, aking tuturuang
Sa iyo lumapit ang makasalanan.

Ingatan mo ako, Diyos kong Manunubos,
Ang pagliligtas mo'y galak kong ibabantog.
Turuan mo akong makapagsalita,
At pupurihin ka sa gitna ng madla.

Hindi mo na nais ang mga panghandog;
Sa haing sinunog di ka nalulugod.
Ang handog ko, O Diyos, na karapat-dapat
Ay ang pakumbaba't pusong mapagtapat.

Iyong kahabagan, O Diyos, ang Sion;
Yaong Jerusalem ay muling ibangon.
At kung magkagayon, ang handog na haing
Dala sa dambana, torong susunugin,
Malugod na alay iyong tatanggapin.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: Tanging ikaw lamang, Panginoon, ang binigyang-lungkot ng aking kasalanan; mahabag ka sa akin.

Antipona 2: Talos naming tunay ang aming kasamaan, Panginoon, sapagkat kaming lahat ay nagkasala sa iyo.

Awit: Jeremias 14:17-21

(Ang pagsisisi ng mga tao sa digmaan at taggutom)

Araw-gabi'y hindi na ako titigil ng pag-iyak;
Sapagkat malalim ang sugat ng aking bayan
Sila'y malubhang nasaktan.

Pag lumabas ako sa parang,
Nakikita ko ang mga nasawi sa digmaan;
Pag ako'y pumunta sa mga bayan,
Naroon naman ang mga taong namamatay ng gutom.
Patuloy sa paggala ang mga propeta at mga saserdote,
Subalit hindi nila alam kung ano ang kanilang ginagawa.

PANGINOON, lubusan mo na bang itinakwil ang Juda?
Napoot ka ba sa mga taga-Sion?
Bakit ganito kalubha ang parusa sa amin
Anupat wala na kaming pag-asang gumaling?

Ang hanap nami'y kapayapaan ngunit nabigo kami;
Inasam naming gumaling ngunit katatakutan ang dumating.
PANGINOON, kinikilala namin ang aming kasamaan
At ang pagtataksil ng aming mga magulang
Kaming lahat ay nagkasala sa iyo.

Huwag mo kaming itakwil, alang-alang sa iyong pangalan;
Huwag mong itulot na mapahiya ang Jerusalem,
Ang kinalalagyan ng marangal mong luklukan.
Alalahanin mo ang iyong tipan;
Huwag mo sana itong sirain.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: Talos naming tunay ang aming kasamaan, Panginoon, sapagkat kaming lahat ay nagkasala sa iyo.

Antipona 3: Ang Panginoon ay Diyos, tayo ang kanyang bayan, ang kawang kanyang pinapastulan.

Salmo 100

(Ang masayang awit ng mga pumasok sa Templo ng Diyos)

Umawit sa kagalakan ang lahat ng mga bansa!
Ang PANGINOON ay papurihan, paglingkuran siyang kusa;
Lumapit sa harap niya at umawit na may tuwa!

O ang PANGINOON ay ating Diyos! Ito'y dapat na malaman,
Tayo'y kanya, kanyang lahat, tayong lahat na nilalang;
Lahat tayo'y bayan niya, kabilang sa kanyang kawan.

Pumasok sa kanyang templo na ang puso'y nagdiriwang,
Umaawit nagpupuri sa loob ng dakong banal;
Purihin ang ngalan niya at siya'y pasalamatan!

Mabuti ang Panginoon, pag-ibig niya'y walang hanggan,
Siya'y Diyos na mabuti't laging tapat kailanman!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: Ang Panginoon ay Diyos, tayo ang kanyang bayan, ang kawang kanyang pinapastulan.

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(2 Corinto 12:7b-10)*

Ngunit para hindi ko ipagyabang ang kamanghamanghang pahayag ng Diyos sa akin, ako'y binigyan ng isang kapansanan sa katawan na nagsisilbing pamalo ni Satanas upang huwag akong magpalalo. Tatlong beses kong idinalangin sa Panginoon na alisin ito, ngunit ganito ang kanyang sagot, "Ang tulong ko'y sapat sa lahat ng pangangailangan mo; lalong nahahayag ang aking kapangyarihan kung ikaw ay mahina." Kaya't buong galak na ipagmamapuri ko ang aking kahinaan upang palakasin ako ng kapangyarihan ni Kristo. Dahil kay Kristo, walang halaga sa akin kung ako ma'y mahina, kutyain, pahirapan, usigin, at magtiis. Sapagkat kung kailan ako mahina, saka naman ako malakas.

TUGUNAN

Sa pagdating ng umaga, kaawaan mo ako.
— Sa pagdating ng umaga, kaawaan mo ako.

Ituro sa akin ang dapat kong tahaking daan,
— kaawaan mo ako.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo,
— Sa pagdating ng umaga, kaawaan mo ako.

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona: Nilingap ng Diyos at pinalaya ang kanyang bayan.

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Sa pagdulog natin kay Kristo, na isinilang at namatay at muling nabuhay para sa kanyang bayan, dumalangin tayo:

Panginoon, iligtas mo ang mga tinubos ng iyong dugo.

Pinagpala ka Hesus, Manunubos ng sangkatauhan, hindi mo tinalikdang magbata ng hirap at kamatayan,
— upang tubusin kami ng iyong dugong banal.

Ipinangako mong pagkakalooban kami ng tubig ng buhay, ang bukal ng buhay na walang hanggan,
— panahanin ang iyong Espiritu sa buong sangkatauhan.

Isinusugo mo ang mga alagad upang sa lahat ng bansa'y maipangaral ang Mabuting Balita,
— tulungan sila na mapalaganap ang tagumpay ng krus mong mapagpala.

Pinagkalooban mo ng pakikibahagi sa iyong Krus ang mga maysakit at nahihirapan,
— gawaran mo sila ng tiyaga at kalakasan.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

**Ama naming makapangyarihan,
ginawa mong maging katangi-tangi si SANTO TOMAS
sa pagiging uliran sa kabanalan
at pagiging mahusay sa banal na karunungan.
Ipagkaloob mong ang itinuro niya
ay aming matutuhan at ang kanyang
ginawa ay aming magampanan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.**

PAGHAYO

(Kung may pari o diacono)

Sumainyo ang Panginoon
at sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diacono)

**Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.**
Amen.

Panalangin sa Takipsilim

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Nang ang D'yos ay lumalang, nilikha n'ya ang tao
Na kanyang kalarawan, may laya at talino,
Dahil sa pag-ibig n'ya, mula nang sanggol tayo,
Tayo'y may kalayaan, ayon sa kanyang plano.

Sa tao'y iniwanan ang layunin ng buhay
Na naging kahihiyan, nang sala ay dumatal.
Tao laban sa kapwa, isip ay karahasan,
D'yos na'ng nagsusumamo, ngunit ayaw pakinggan.

Dumating ang panahon, ang D'yos na ang kumilos,
Isinugo ang Kristo, upang sala'y matubos.
Ngayon ay may pag-asa sa Panginoong Hesus,
Tayo ay sasagana, kung sa kanya'y susunod.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: Ang Panginoong ating Diyos ay dakila, at higit sa alinmang diyus-diyosang naglipana.

Salmo 135

(Papuri sa mga dakilang bagay na ipinagkakaloob ng Maykapal)

I

Purihin ang PANGINOON!
Ngalan niya ay purihin noong kanyang mga lingkod,
Ng lahat ng lingkod niyang sa templo ay pumapasok,
Upang doon manambahan sa banal na bahay ng Diyos.

Ang PANGINOON ay papurihan pagkat siya ay mabuti,
Ang taglay n'yang kabaitan ay marapat sa papuri.
Siya rin nga ang humirang kay Jacob na kanyang lingkod,
Ang Israel nama'y bansang hinirang n'ya at kinupkop.

Aking batid na ang PANGINOON ay ang Diyos na dakila,
Higit siya sa alinmang diyus-diyosang naglipana;
Ang anumang hangad niya sa langit man o sa lupa,
At kahit sa karagatan, kung anumang kanyang nasa,
Ginaganap niya ito, sa sariling pagkukusa.

Nilikha n'ya yaong ulap na laganap sa daigdig,
Maging bagyong malalakas na may kidlat na mabilis;
Sa kanya rin nagmumula yaong hanging umiihip.

Pinuksa n'ya sa Egipto yaong anak na panganay,
Maging tao't maging hayop ang panganay ay namatay.
Nagpamalas siya roon ng gawang kahanga-hanga,
Upang kanyang pagdusahin si Farao't kanyang bansa.

Marami rin naman siyang winasak na mga bansa,
At maraming mga haring pawang bantog ang pinuksa.
Yaong haring Amorreo na si Sehon ang pangalan,
At ang haring ang ngala'y Og, isang haring taga-Basan,
At iba pang mga hari na pinuksa sa Canaan.
Ang lupain nila roon ay kinuha at sinamsam,
Ibinigay sa Israel, ang bayang kanyang hirang.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: Ang Panginoong ating Diyos ay dakila, at higit sa alinmang diyus-diyosang naglipana.

Antipona 2: Sambahayan ng Israel, dakilain ang Panginoon! Awitan siya ng papuri pagkat siya'y maawain.

II

Ikaw, PANGINOON, kikilanling Panginoon na siyang Diyos,
Ang lahat ng nilikha mo ay hindi ka malilimot.
Ikaw nama'y mahahabag sa lahat ng iyong lingkod,
Ang alipin ay lalaya sa kanilang pagkagapos.

Ang Diyos ng mga bansa'y ginawa sa pilak-ginto,
Mga kamay nitong tao ang humugis at bumuo.
Oo't mayro'n silang bibig, hindi naman maibuka,
Mga mata'y mayroon din, hindi naman makakita;

Mayroon din silang tainga, ngunit hindi makarinig,
Hindi sila humihinga, salatin man yaong bibig.
Ang gumawa sa kanila, at lahat nang nagtiwala,
Matutulad sa idolong sila na rin ang lumikha!

Ang PANGINOON ay papurihan, purihin s'ya ng Israel,
Maging kayong saserdote sa Diyos ay magpuri din.
Ang PANGINOON ay papurihan, kayong lahat na Levita,
Lahat kayong natatakot ay magpuring sama-sama.

Ang Diyos na nasa Sion ay sambahin at purihin,
Ang PANGINOON ay papurihan, sa templo sa Jerusalem.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: Sambahayan ng Israel, dakilain ang Panginoon! Awitan siya ng papuri pagkat siya'y maawain.

Antipona 3: Lahat ng bansa ay lalapit at sasamba sa iyo, O Panginoon.

Awit: Pahayag 15:3-4

(Awit ng Pagsamba)

Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat,
Dakila at kahanga-hanga ang iyong mga gawa!
O Hari ng mga bansa,
Matuwid at totoo ang iyong mga daan!

Sino ang hindi matatakot sa iyo, PANGINOON?
Sino ang tatangging magpahayag ng iyong kadakilaan?

Ikaw lamang ang banal!
Lahat ng mga bansa ay lalapit at sasamba sa iyo,
Sapagkat nakita ng lahat ang matuwid mong mga gawa.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: Lahat ng bansa ay lalapit at sasamba sa iyo, O Panginoon.

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Santiago 1:2-8)*

Mga kapatid, magalak kayo kapag kayo'y dumaranas ng iba't ibang pagsubok, sapagkat alam ninyo na lalong magiging matatag ang inyong pananampalataya matapos ninyong pagtagumpayan ang mga pagsubok na iyan. At dapat kayong magpakatatag hanggang wakas upang kayo'y maging ganap at walang pagkukulang. Ngunit kung kulang ng karunungan ang sinuman sa inyo, humingi siya sa Diyos at siya'y bibigyan; sapagkat ang Diyos ay saganang magbigay at di nanunumbat. Subalit ang humihingi'y dapat manalig at huwag mag-alinlangan; sapagkat ang nag-aalinlangan ay parang alon sa dagat na itinataboy ng hangin kahit saan. Huwag umasang tatanggap ng anuman mula sa Panginoon ang taong pabagu-bago ang isip at di alam kung ano ang talagang ibig.

TUGUNAN

Inibig tayo ni Kristo at nilinis tayo sa ating kasalanan, sa pamamagitan ng kanyang dugo,
— Inibig tayo ni Kristo at nilinis tayo sa ating kasalanan, sa pamamagitan ng kanyang dugo.

Hinirang niya tayo upang maging bansa ng mga hari at pari,
— sa pamamagitan ng kanyang dugo.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Inibig tayo ni Kristo at nilinis tayo sa ating kasalanan, sa pamamagitan ng kanyang dugo.

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona: Tinulungan ng Panginoon ang kanyang mga Lingkod bilang pagtupad sa pangako niyang awa.

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Ibinigay ng Ama ang Panginoong Hesus hanggang kamatayan para sa ating mga kasalanan, at upang tayo'y mabilang na matuwid, siya'y muling binuhay. Dumalangin tayo:

Mahabag ka sa iyong bayan, Panginoon.

Dinggin ang aming dalangin at kami'y iligtas habang inaamin ang aming mga kasalanan,
— gawaran mo kami ng patawad at kapayapaan.

Winika ng iyong Apostol, "Kung dumami man ang kasalanan, lalo namang sumagana ang biyaya ng Diyos,"
— patawarin mo ang aming pagtalikod.

Panginoon, kami'y nagkasala, nguni't kinikilala rin namin ang iyong walang hanggang pagkamaawain,
— sa pagbabalik-loob, kami ay akayin.

Iligtas ang iyong bayang mula sa kanilang kasalanan, O Diyos,
— gawin silang sa iyo'y maging kalugud-lugod.

Binuksan mo ang paraiso sa magnanakaw na sumasampalataya sa iyo,
— huwag mong isara ang pintuan ng langit sa mga yumao.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

**Ama naming makapangyarihan,
ginawa mong maging katangi-tangi si SANTO TOMAS
sa pagiging uliran sa kabanalan
at pagiging mahusay sa banal na karunungan.
Ipagkaloob mong ang itinuro niya
ay aming matutuhan at ang kanyang
ginawa ay aming magampanan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.**

PAGHAYO

(Kung may pari o diacono)

Sumainyo ang Panginoon
at sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diacono)

**Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.**
Amen.

Panalanging sa Gabi

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

O Panginoong Hesus, sa ami'y manahan ka,
Sa pagdating ng gabi, dilim ay kumalat na,
'Wag sana nitong pawiin ang aming pag-asa
Kundi gawing ilaw ang pananampalataya.

Panginoong Hesus, gawin kaming mapayapa,
Dumating man ang pagsubok, mayro'ng pagpapala;
Ipag-adya mo kami sa anumang masama
At papupurihan ka, O Diyos na dakila!

Antipona: Sa gabi at araw, Diyos ko, ako'y humihibik sa iyo.

Salmo 88

(Panalangin ng isang may karamdaman)

PANGINOONG Diyos, tumatawag ako sa iyo kung araw,
Pagsapit ng gabi, dumudulog ako sa iyong harapan.
Ako ay dinggin mo, sa pagdalangin ko ako ay pakinggan,
Sa aking pagdaing ako ay tulungan.

Ang kaluluwa ko ay nababahala't lipos ng hilahil.
Dahilan sa hirap wari'y malapit nang ako ay malibing.
Kabilang na ako, niyong malapit nang sa hukay ilagak,
Ang aking katulad ay ang mahina na't ubos na ang lakas.

Ang katulad ko pa ay ang iniwanan sa gitna ng patay,
Animo'y nasawi na nananahimik sa kanyang libingan.
Tulad na rin ako niyong mga tao na iyong nilimot,
Parang mga tao na sa iyong tulong ay hindi maabot.

Dinala mo ako sa may kadilimang hukay na malalim,
Ang hukay na yaon ay isang libingan na ubod ng dilim.
Ikaw ay nagalit, at ang bigat nito'y sa akin nabunton,
Ang aking katulad ay ang tinabunan ng malaking alon.

Mga kasama ko'y iyong binayaan na ako ay iwan,
Binayaan silang mamuhi sa aki't ako'y katakutan,
Kaya hindi ako makatakas ngayo't pintua'y nasarhan.
Dahilan sa lungkot, ang aking paningi'y waring lumalamlam.

Kaya naman, PANGINOON,
Tumatawag ako sa 'yo araw-araw,
Sa pagdalangin ko ay taas ang kamay.
Makagagawa ba
Ikaw, PANGINOON, ng kababalaghan,
Para purihin ka niyong mga patay?

Ang pag-ibig mo ba doon sa libinga'y ipinapahayag,
O sa kaharian niyong mga patay ang 'yong pagtatapat?
Doon ba sa dilim ang dakilang gawa mo ba'y makikita,
O ang pagliligtas, sa mga lupaing wala nang pag-asa?

Sa iyo, O PANGINOON,
Ako'y nananangis at nananawagan,
Sa tuwing umaga ako'y tumatawag sa iyong harapan.
Di mo ako pansin,
O PANGINOON ko, di ka kumikibo,
Bakit ang mukha mo'y ikinukubli mo, ikaw'y nagtatago?

Mulang pagkabata ako'y nagtiis na, halos ikamatay;
Ang iyong parusa'y kusang nagpahina sa aking katawan.
Sa aking sarili, tindi ng galit mo'y aking nadarama,
Ako'y mamamatay kundi ka hihinto ng pagpaparusa.

Parang baha sila kung sumasalakay sa aking paligid,
Sa buong maghapon kinukubkob ako sa lahat ng panig.
Iyong pinalayo pati kasintaha't aking kaibigan,
Ang tanging natira na aking kasama ay ang kadiliman.

(Papuri sa Ama at...)

Antipona: Sa gabi at araw, Diyos ko, ako'y humihibik sa iyo.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Jeremias 14:9a)*

Kasama ka namin, O Panginoon, Pagkat kami ang iyong bayang hinirang; Huwag mo kaming pabayaan, O Panginoon naming Diyos.

TUGUNAN

Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Papuri sa Ama at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

Antipona: Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

**Diyos na Makapangyarihan,
panatilihin mo kaming nagkakaisa
kasama ng iyong Anak
sa kanyang pagkamatay at pagkalibing
upang muli kami'y makabangon sa isang bagong buhay
kasama niya, na naghahari magpasawalang hanggan.
Amen.**

PAGHAYO

Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.
— Amen.

AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay.
Amen.